

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inanunsyo ng Lungsod ang bagong koneksyon ng Züm transit sa pagitan ng Brampton at Toronto Pearson International Airport

BRAMPTON, ON (Marso 3, 2020) – Ikinagagalak ng Lungsod ng Brampton na ianunsyo ang isang bagong direktang koneksyon sa bus rapid transit mula Brampton papunta ng Toronto Pearson International Airport. Ang rutang 505 Züm Bovaird ay palalawigin sa airport at inaasahang mag-umpisa sa Taglagas 2020.

Magkaisang inaprubahan ito ng Konseho ng Lungsod ng Brampton bilang bahagi ng 2020 Badyet ng Lungsod. Ang ekstensyon ay magpapahusay sa panrehiyong pagiging konektado, pagbibigay ng higit na kadalian para sa mga residente na nagtatrabaho sa o nagbibiyaha mula Toronto Pearson, at mas patibayin ang mga koneksyon ng Brampton sa Innovation Corridor.

Ang Pearson airport ay isang malaki at complex na lugar na pagtrabahuhan, na may higit sa 400 kumpanyang nagpapatrabaho sa mga 50,000 tao; na ang 10,000 ay nakatira sa Brampton. Ina-anchor ng Pearson ang Airport Employment Zone, na kinabibilangan ng mga lugar ng Brampton, Mississauga at Etobicoke, at ang ikalawang pinakamalaking lugar ng trabaho sa Canada na may higit sa 300,000 trabaho.

Tinatanggap ng Greater Toronto Airports Authority (GTAA) ang bagong ruta, tulad ng ipinakita ng pananaliksik na may malaking mga benepisyo sa pagpapabuti sa mga direktang koneksyon ng bus sa pagitan ng Brampton at airport. Maaaring madoble ng ekstensyon ng 505 Züm Bovaird ang kasalukuyang bilang ng mga manggagawa sa airport na nakatira sa Brampton na sumasakay ng pampublikong transportasyon.

Sa Toronto Pearson, ang mga gumagamit ng pampublikong transportasyon sa Brampton ay maaaring kumonekta sa ibang panrehiyon na mga network ng transportasyon kabilang ang UP Express, anim na ruta ng TTC, apat na ruta ng MiWay, dalawang ruta ng GO Transit at iba pang panrehiyon na mga serbisyo tulad ng Greyhound.

Pira-pirasong Impormasyon

- Kabilang sa 2020 Badyet ang 1 porsyentong ipinataw na buwis para mapaganda ang imprastruktura ng transportasyon ng Lungsod.
- Ang ekstensyon ng Ruta ng 505 Züm Bovaird ay magkakahalaga ng \$1.75 milyon - \$900,000 ang tutustusan ng Lungsod na ang nalalabi ay magmumula sa revenue.
- Sa kasalukuyan, 13 porsyento ng 10,000 residente ng Brampton na nagtatrabaho sa Toronto Pearson International Airport ay sumasakay ng pampublikong transportasyon papunta sa trabaho.

Mga Quote

“Bilang bahagi ng Innovation Corridor at nangungunang contributor ng mga manggagawa sa airport, ikinagagalak naming suportahan ang pang-ekonomiyang paglago ng ating rehiyon at padaliin ang akses ng mga residente ng Brampton sa mga oportunidad sa trabaho. Ang 2020 Badyet ay gumagawa ng mahalagang mga pamumuhunan na inuuna ang komunidad”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang anunsiyo sa araw na ito ay magpapahintulot sa mga pasahero at empleyado na mas madaling maakses ang Toronto Pearson mula sa Brampton. Para mahusay na maikonekta ang mga tao at negosyo sa tatlong-quarter ng mga ekonomiya sa mundo, kailangan natin ang matibay na koneksyon sa local ground. Ang serbisyong ito ay nagpapalakas sa akses ng Brampton sa airport at sa mundo.”

- *Scott Collier, Bise Presidente, Mga Serbisyo sa Customer at Terminal, GTAA*

“Ang aprubadong 2020 Badyet ay kinabibilangan ng maparaang mga pamumuhunan tulad ng ekstensyon sa transportasyon na kaayon sa mga prayoridad ng Konseho para matiyak na ang Brampton ay nananatiling Lungsod ng mga Oportunidad. Nagpapahusay ang badyet sa paghahatid ng de kalidad na mga serbisyo sa Transportasyon para sa ating mga residente para matiyak na maakses ng mga residente ang mga oportunidad sa trabaho at maakses ng mga employer ang talento ng Brampton.”

- *David Barrick, Punong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca